**Sanggunian:**


- Sirkular ng Impormasyon ukol sa Gamit ng Dugo ng Tao at mga Bahagi Nito. AABB Okt 2017
- Teknikal na Manwal. Ika-20 Edisyon


Ang pulyetong ito ay binuo ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan, Laboratory Field Services (850 Marina Bay Parkway, Richmond, CA 94804) Sa pakikipagtulungan sa Medical Technical Advisory Committee ng Mga Sentro ng Dugo sa California.

Para sa impormasyon tungkol sa mga nilalaman ng pulyetong ito, maaari lamang na kontakin ang Laboratory Field Services:
(510) 620-3800
o ang

LFSBiologics@cdph.ca.gov

**Ang pulyetong ito ay ibinibigay bilang batayan ng impormasyon at hindi itinuturing na kapalit sa prosesong Informed Consent bago sa pagsasalin ng dugo.**

Ipinamamahagi ng
Medical Board ng California

Upang maka-order ng pulyetong ito, paki-fax ang inyong kahilingan sa (916) 263- 2497

Ang impormasyon dito ay makukuha sa elektronikong paraan sa ***http://www.mbc.ca.gov***

*Rebisado 03/2022*

# Patnubay ng Pasyente sa Pagsasalin ng Dugo

**Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California**

**Marso 2022**

Ang dokumentong ito ay nagbibigay ng nakasulat na impormasyon hinggil sa mga benepisyo, panganib at alternatibo sa pagsasalin ng mga produktong-dugo kasama na ang pulang selyula ng dugo, plasma, platelet at iba pang produkto, na kinolekta mula sa pasyente o sa iba pang tao bukod pa sa pasyente. Ang materyal na ito ay nagsisilbing pandagdag sa mga diskusyong mamamagitan sa iyo at sa iyong doktor.

Mahalagang maintindihan mo nang ganap at mabasa mo nang lubusan ang dokumentong ito. Kung mayroon kang tanong tungkol sa pagsasalin, tanungin muna ang iyong doktor bago ka pumayag na tumanggap ng dugo o mga produktong-dugo.

## Impormasyon tungkol sa paggamot

Ang pagsasalin ng mga produktong-dugo ay isinasagawa upang madagdagan ang dami ng mga bahagi ng dugo sa iyong katawan kapag ito ay masyadong mababa na para sa iyong kagalingan. Ang isasalin ay maaaring maging pulang selyula ng dugo, plasma, platelet o iba pang mga natatanging produktong galing sa dugo. Ang iyong doktor ang magpapasya sa dami at uri ng produktong-dugo base sa iyong kalagayang medikal o sa iyong dayagnosis.

## Mga potensyal na benepisyo sa paggamot

Ang pagsasalin ng mga produktong-dugo ay maaaring kailanganin upang maitama ang mababang antas ng mga bahagi ng dugo sa iyong katawan. Sa ibang mga kaso, ang hindi pagtanggap ng (mga) pagsasalin ng dugo ay maaaring magkaroon ng negatibong epekto sa iyong kalusugan, hanggang sa, at kasama na rin, ang mga mabibigat na kahihinatnan tulad ng kamatayan.

## Mga panganib sa paggamot

Kasama sa mga nalalamang panganib sa paggamot na ito, nguni't hindi limitado rito ang :

- Pangangati, kirot, o impeksiyon sa lugar ng iniksyon
- Mga pansamantalang reaksyon tulad ng lagnat, panlalamig, o mga pantal sa balat.

Kasama sa iba pang mga madalang nguni't seryosong kumplikasyon , subali't hindi limitado rito, ang impeksiyong bunga ng bakterya (sepsis), matinding reaksyong alerhiya, pagpalya ng puso dahil sa labis na karga ng likido, pagtagas ng likido sa baga (acute pulmonary edema), pagkawasak ng mga pulang selyula ng dugo (hemolysis), shock o kamatayan.

Ang pagsasalin ng mga produktong-dugo ay nagdadala ng napakaliit na panganib na ito ay makapaglilipat ng mga impeksyong tulad ng HIV (mga 1 sa 3 milyon), Hepatitis C (mga 1 sa 3.3 milyon), at Hepatitis B (mga 1 sa 1.5 milyon). Ilan pang mga makabuluhang impeksiyon ang maaaring ilipat ng pagsasalin ng dugo pero sa pangkalahatan, ang panganib dito ay maliit.

## Mga Opsyon sa Paggamot/ Mga Alternatibo

Kung kailangan mo ng dugo, marami ang iyong opsyon. Karamihan ng mga pasyenteng nangangailangan ng pagsasalin ay nakatatanggap ng mga produktong-dugo na ibinigay ng mga boluntaryong donor na galing sa komunidad. Ang mga donor na ito ay ini-screen nang malawakan tungkol sa kasaysayan ng kanilang kalusugan at dumaraan sa maraming pagsusuri ng dugo na ipinag-uutos ng mga regulasyong pang-estado at pederal upang matiyak na napakaligtas ang suplay ng dugo. Kasama sa mga alternatibo sa pagsasalin ng produktong-dugo mula sa mga boluntaryong donor na galing sa komunidad ang:

<u>Autologous na donasyon bago sa operasyon</u> (gumagamit ng sarili mong dugo na iyo nang paunang naibigay), tingnan sa ibaba para sa karagdagang impormasyon.

<u>Directed na donasyon</u> (dugong ibinigay ng mga taong hiniling mong mag-donate para sa iyo), tingnan sa ibaba para sa karagdagang impormasyon.

<u>Autologous na pagsasalin/hemodilution sa operasyon</u> (kinukolekta ang dugo mo sa oras ng iyong operasyon at maaaring ibalik ito sa iyo)

<u>Mga Gamot:</u> Ilang mga gamot na ibinibigay bago o mismo sa oras ng operasyon ay maaaring magpataas o magpababa ng aktibong pagdurugo na siyang magbabawas sa pangangailangan ng pagsasalin.

Ang mga opsyon na ito ay makukuha lamang kung pahihintulutan ng iyong kalusugan, oras at ng pamamaraang surgical. Maaaring hindi ito makukuha sa ibang lokasyon o para sa lahat ng pasyente. Maaari rin namang piliin mong huwag tumanggap ng pagsasalin ng dugo, nguni't ang desisyong ito'y maaaring magkaroon ng mga kahihinatnan na magbabanta sa iyong buhay.

Ang autologous na donasyon bago sa operasyon ay hindi angkop sa lahat ng pasyente. Ang autologous na donasyon ay nangangailangan ng pagkolekta ng sarili mong dugo bago sa isang napaplanong operasyon at ang pag-imbak nito sa ospital o sa isang blood bank ng komunidad. Mahalagang makausap mo ang iyong doktor para malaman kung walang panganib kung ikaw ay magbigay ng dugo at ang probabilidad ng pangangailangan ng pagsasalin base sa uri ng operasyon na iyong dadaanan at sa mga pangkasalukuyang patnubay sa pagsasalin. Ang pagtanggap ng sarili mong dugo ay maaaring makapagpababa nguni't hindi makapagpapaalis ng panganib ng mga kumplikasyon na kaugnay sa pagsasalin. Ang mga patakaran tungkol sa reimbursement ng mga kumpanya ng insurance para sa serbisyong ito ay maaaring magka-iba-iba. Sa pangkalahatan, kahit na ang autologous na donasyon ay isang opsyon na dapat isaalang-alang ng mga taong kwalipikado para dito, ang bilang ng mga autologous na donasyon sa Estados Unidos ay bumaba nang malaki nitong huling mga dekada unang-una dahil sa malaking pagsulong sa kaligtasan ng dugo at sa mga pagsisikap na mapababa ang mga hindi kailangang pagsasalin ng dugo.

Ang directed na donasyon ay tumutukoy sa dugong nakolekta mula sa mga "directed donor" na nagbibigay ng dugo para sa isang partikular na pasyente ayon sa kahilingan. Ang mga directed donor karaniwan ay mga pamilya at kaibigan ng pasyente. Ang mga directed donor ay kailangang dumaan sa at makapasa sa proseso ng pag-kwalipika tulad din ng sa mga boluntaryong donor, at sila ay kailangang maging katugma rin sa ABO ng pasyente. Hindi mas ligtas ang directed na donasyon kaysa pangkalahatang suplay ng dugo.

Ang ligtas at sapat na suplay ng dugo ay umaasa sa mapagbigay na donasyon ng dugo ng mga malusog na miyembro ng komunidad. Ang mga donasyon ng dugo ng pamilya at kaibigan ay makatutulong upang tiyakin na magkakaroon ng sapat na suplay para sa iyong pangangailangan at sa pangangailangan ng ibang pasyente.